# Executive na Buod ng Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib na inilabas noong Oktubre 5, 2020

Santa Clara County PUBLIC HEALTH

Ang Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib, na magkakabisa kapag ang County ay lilipat sa Antas 3 (ang Orange na Antas) sa ilalim ng "Plano para sa Mas Ligtas na Ekonomiya" ng Estado na sa kabuuan ay pumapayag na magpatakbo ang lahat ng mga negosyo sa County kung pinapayagan sila na magbukas ng Estado. Sa ilalim ng Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib, maaari na muling gawin ang mga karagdagang aktibidad at mga pagpapatakbo ng negosyo, kabilang ang panloob na kainan at mga panlabas na pagtitipon. Mahalagang tandaan, ito ay hindi nangangahulugan na ang Opisyal ng Pangkalusugan ay nagtuturing na ang lahat ng mga bukas na pagtitipon ay ligtas. Ang COVID-19 ay patuloy na nagbibigay ng malubhang panganib sa mga residente ng Santa Clara County, at ang Opisyal ng Pangkalusugan ay naghihikayat sa mga residente na magpatuloy sa mga pag-iingat, kabilang ang pagpapanatili sa bahay hangga't maaari, pagbawas sa pakipaghalubilo sa mga tao na nasa labas ng kanilang kabahayan, pagpapanatili ng pagdistansya sa iba, pagsusuot ng mga panakip sa mukha, at paglipat sa mga aktibidad sa labas hangga't maaari. Ang mga indibidwal lampas edad 50 at ang may mga malubhang medikal na kondisyon ay nasa mas mataas na panganib para sa mga malubhang sakit mula sa COVID-19. Ang mga panloob na kainan at panloob na mga pagtitipon ay mga aktibidad na partikular na may mataas na panganib.

## Sa ibaba ang mga pangunahing pagbabago na mangyayari kapag magkabisa ang Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib:

### Ang naaayon sa Orange na Antas

Maliban kung partikular na nasa Binagong Kautusan ng County o sa Mga Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba, ang mga negosyo ay pinapayagan na magbukas hanggang sa mga pinapayagan sa ilalim ng Orange na Antas ng Estado.

### Mga Pagtitipon

Ang Kautusan ay mariing hindi naghihikayat ng mga pagtitipon, lalo na ang mga panloob ng mga pagtitipon, dahil ang pakikipagsama sa ibang mga kabahayan sa mga mahabang panahon ay nagbibigay ng partikular na mataas na panganib ng pagkalat ng COVID-19. Ang Kautusan ay, gayunpaman, pumapayag sa parehong mga panlabas na pagtitipon (hanggang sa 200 na katao) at mga panloob na mga pagtitipon (hanggang sa 25% na kapasidad o 100 na katao, alinman ang mas kaunti. Ang mga panuntunan para sa mga pagtitipon (kabilang ang mga sinehan/teatro) ay nasa binagong Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba para sa mga Pagtitipon ng Opisyal ng Pangkalusugan.

## Panloob na Kainan

Ang panloob na kainan ay papayagan, napapailalim sa iba't ibang mga kinakailangan sa kaligtasan. Gayunpaman, dahil ang panloob na kainan ay isang aktibidad na may mataas na panganib, ang Opisyal ng Pangkalusugan ay partikular na hindi naghihikayat sa mga taong nasa mataas na panganib para sa malubhang sakit kung makuha nila ang COVID-19, o sa mga madalas na naghalubilo sa mga taong nasa mataas na panganib, na lumahok/pumunta sa panloob na kainan. Sa ilalim ng binagong kautusan, ang mga restaurant ay maaaring magbukas para sa mga panloob na mga serbisyo hanggang sa 25% na kapasidad o 100 na katao, alinman ang mas kaunti. Ang mga bagong panuntunan para sa panloob at panlabas na kainan ay ilalahad sa darating na Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba para sa Kainan.

## Ang Pagbabago ng mga Direktiba

Para mas umayon sa mga paghihigpit ng Estado na naaangkop sa mga county na nasa Orange na Antas, ang paparating na mga pagbabago sa iba't ibang mga direktiba ay magkakabisa din sa panahon ng paglipat ng County sa Orange na Antas at magkakabisa ang Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib.

## Mga Kinakailangan na Naaangkop sa Lahat ng mga Negosyo

Ang Binagong Kautusan ay nagpapatuloy na nangangailangan na ang lahat ng mga negosyo ay sumunod sa hanay ng mga patakaran para mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COID-19, ay kinabibilangan ng:

1. **Telework:** Lahat ng mga negosyo ay dapat magpatuloy na mangailangan sa kanilang mga manggagawa na gawin ang kanilang mga trabaho mula sa bahay hangga't maari. Ang mga manggagawa ay maaari lang pumunta sa trabaho para magkumpleto ng mga tungkulin ng kanilang trabaho na hindi nila maaaring makumpleto sa bahay.

2. **Mga kinakailangan ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao:** Lahat ng mga negosyo ay dapat magkumpleto at magsumite ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao para sa bawat isa sa kanilang pasilidad sa website ng County sa COVID19Prepared.org. Ang mga naunang Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ay dapat maupdate sa loob ng 14 na araw kapag magkabisa ang Binagong Kautusan gamit ang binagong template para sa Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao na gagawin na magagamit sa lalong madaling panahon.

3. **Pag-uulat ng Positibong Kaso:** Lahat ng mga negosyo (at mga entidad na pang-gobyerno) ay ligal na kinakailangan na mag-ulat sa Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan sa loob ng 4 na oras kung malaman nila na sinuman sa kanilang mga manggagawa ay nakumpirmang positibo sa COVID-19. Dapat din nilang siguraduhin na ang mga manggagawa ay mag-alerto sa kanila kung sila ay nasuring positibo.